Wikang Sarili 6

Unang Markahan

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nasasagot ang tanong na bakit at paano.	F6PB-If-3.2.1

Paggalugad

A. Bilang isang mag-aaral, tiyak na marami kang nakawiwiling karanasang nais na ibahagi sa iba. Pumili ng isang karanasan bilang mag-aaral na hindi mo malilimutan. Iguhit ito at magsulat ng isang talata tungkol dito.

B. Sagutin ang mga gabay na tanong na kaugnay ng ibinahaging karanasan.
   1. Tungkol saan ang ibinahaging karanasan?
   2. Ano ang emosyon o damdaming nangibabaw sa iyo habang binabalikan ang ibinahaging karanasan?
   3. Ano ang naging dahilan sa pagpili mo ng karanasang ito?
   4. Anong isang salita ang maaaring maglarawan sa karanasang ito?
   5. Sa iyong palagay, masasabi mo bang isang mahalagang pangyayari sa iyong buhay ang karanasang ito? Ipaliwanag ang sagot.

Pagpapaliwanag

Madali mo bang nasagutan ang mga gabay na tanong na kaugnay ng ibinahagi mong karanasan? Anong mga salita ang napansin mong ginamit sa pagtatanong? Ano ang mga isinaalang-alang mo sa pagsagot sa mga tanong na ito?

Bukod sa mga tanong na napansin mo, may iba pang mga salitang maaaring gamitin sa pagtatanong na nangangailangan din ng ilang pagsasaalang-alang sa pagsagot. Ang mga tanong na ito ay ang tanong na "bakit" at "paano". Alamin natin ang kahulugan ng mga ito.

Ang tanong na "Bakit"

Ang tanong na **bakit** ay humihingi ng sagot na **dahilan o sanh**i ng isang pangyayari. Ang sagot sa tanong na ito ay kadalasang nagsisimula sa mga salitang "kasi, dahil, dahil sa, sanhi ng, o mangyari". Inaasahan ding sa pagsagot ng tanong na ito, ang isang indibidwal ay kailangang gumamit ng kasanayan sa pagpapaliwanag. Sa pagpapaliwanag, maipamamalas ng isang indibidwal ang wasto at angkop na pag-unawa sa napakinggan, nabasa, o napanood.

Tingnan ang halimbawang ito:

Tanong: Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga tagubilin ng mga magulang?

Sagot: Mahalaga ang pagsunod sa mga tagubilin ng mga magulang dahil makatutulong ito upang makaiwas sa kapahamakan at upang maisagawa ang mga bagay-bagay nang angkop at wasto.

Mapupuna sa halimbawang ito na ang sagot sa tanong ay nagbigay ng mga dahilan o sanhi ng pagiging mahalaga ng pagsunod sa tagubilin. Mapapansin ding ginamit ang salitang "dahil" upang ipahayag ang sagot.

Ang tanong na "Paano?"

Ang tanong na **paano** ay humihingi ng sagotl sa karagdagang paliwanag o pamamaraan sa isang komplikadong proseso. Ang sagot sa tanong na ito ay nagsasabi ng **pamamaraan** na ginamit, ginawa o nangyari upang maisagawa o maisakatuparan ang isang bagay, sitwasyon o pangyayari. Kadalasan ding ginagamit ang pahayag na "sa pamamagitan ng" sa pagsasaad ng sagot sa tanong na ito.

Tingnan ang halimbawang ito:

Tanong: Paano mapananatili ang mabuti o magandang ugnayan ng bawat miyembro ng isang pamilya?

Sagot: Ang magandang ugnayan sa pamilya ay mapapanatili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bukas at maayos na komunikasyon at respeto sa isa't isa.

Mapupuna sa halimbawang ito na ang sagot sa tanong ay nagbigay ng paraan kung paano mapapanatili ang mabuti o magandang ugnayan ng mga miyembro ng isang pamilya. Mapapansin ding ginamit ang pahayag na "sa pamamagitan ng" upang ipahayag ang sagot.

Pagpapalawak

Isulat sa patlang ang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **Mali** naman kung hindi.

_____ 1. Ang tanong na bakit ay humihingi ng sagot na dahilan.

_____ 2. Ang tanong na paano ay humihingi ng sagot na may kaugnayan sa sanhi ng isang pangyayari.

_____ 3. Ginagamit ang mga salitang "dahil" at "kasi" sa pagsagot sa tanong na bakit.

_____ 4. Ang sagot sa tanong na paano ay nagsasabi ng pamamaraang ginamit o ginawa upang maisakatuparan ang isang bagay o pangyayari.

_____ 5. Ginagamit ang pahayag na "sa pamamagitan ng" sa pagsagot sa tanong na bakit.

Pagtataya

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa kumpletong pangungusap.

1. Bakit mahalaga ang pagbasa at pag-unawa sa iba't ibang babasahin tulad ng mga alamat, kuwento, at pabula?

_____

_____

2. Bakit mahalaga ang pagkain nang tama sa wastong oras?

_____

_____

3. Bakit kailangang pangalagaan ang ating kalikasan?

_____

_____

4. Paano mo mahihikayat ang iyong mga kamag-aral na palaging magbasa?

_____

_____

5. Paano makatutulong ang teknolohiya sa pag-aaral?

_____

_____

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nabibigyang kahulugan ang sawikain.	F6PN-Ij-28

Paggalugad

Bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang paggamit ng iba't ibang mga salita at pahayag upang iparating ang nais na sabihin. Kadalasang ang mga salita at pahayag na ito ay may natatagong kahulugan na kailangan pa ng mapanuri at malikhaing pag-iisip upang lubos na maunawaan. Subukang bigyang-kahulugan ang ilan sa mga halimbawang salita at pahayag na ito.

Hanapin sa **Hanay B** ang kahulugan ng pahayag na may salungguhit sa **Hanay A.** Isulat ang titik ng sagot sa patlang.

	Hanay A	Hanay B
_____	1. Si Juana ang <u>ilaw ng tahanan</u> ng kanilang pamilya kaya't gagawin niya ang lahat para sa kaniyang pamilya.	a. maramdamin
_____	2. <u>Balat-sibuyas</u> si Jake kaya't maraming bata ang hindi niya nakasusundo.	b. mapagbigay/matulungin
_____	3. Ang kanilang pamilya ay <u>bukas-palad</u> kaya't lalo silang pinagpapala.	c. matalino
_____	4. <u>Matalas ang ulo</u> ni Ana kaya't lagi siyang nakatatanggap ng medalya.	d. asawa
_____	5. Natatangi ang pagmamahal ni Ana kay Juan na <u>kabiyak ng kaniyang dibdib</u>.	e. ina

Pagpapaliwanag

Madali mo bang natukoy ang kahulugan ng mga pahayag na may salungguhit? Pamilyar ka ba sa mga ito? Saan o kanino mo pangkaraniwang naririnig ang mga ito?

Ang mga pahayag na may salungguhit ay halimbawa ng mga sawikain o idyoma. Alamin natin ang kahulugan nito.

Ang Sawikain

Ang **sawikain** o idyoma ay mga matatalinghagang salita o pahayag na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Nagsasaad ito ng mga nakatagong kahulugan na kinakailangan pang pag-isipan at unawaing mabuti upang makuha ang nais nitong iparating. Gayundin, itinuturing itong pagsasaad ng kahulugan sa di-tuwirang pamamaraan kung saan may kalaliman ang nais nitong iparating kaya't kung minsan ay mahirap itong unawain. Kadalasang madaling nauunawaan ang kahulugan ng mga salita o pahayag na ito kapag ginamit ito sa pangungusap. Binabanggit ito kung minsan ng mga nakatatanda lalo't higit kapag nagpapayo o nagsasabi sa mga nakababata.

Ilan sa mga halimbawa ng idyoma:

- **pusong-bato** - walang awa o walang pakiramdam
- **nag-aapoy ang damdamin** - galit na galit
- **maitim ang budhi** - masama ang ugali o tuso
- **mahangin ang ulo** - mayabang
- **kilos-pagong** - mabagal o makupad
- **kabiyak -** asawa o minamahal
- **lantang gulay** - sobrang pagod o walang kagana-gana
- **makapal ang palad -** masipag

Pagpapalawak

Tukuyin at salungguhitan ang ginamit na sawikain sa pangungusap.

1. Nahihirapan nang maglakad at magbuhat ng mabibigat si Hulyo dahil alog na ang kaniyang baba.
2. Nais ni Jane na guminhawa ang kanilang buhay dahil siya ay isang anak-dalita.
3. Marami ang naiinis kay Aling Marites dahil dalawa ang kaniyang bibig.
4. Bilin sa amin ng aming mga magulang na umiwas sa mga taong halang ang bituka.
5. Makapal ang bulsa ni Joshua kaya't marami ang nagpapalibre sa kaniya.

Pagtataya

Bigyang-kahulugan ang sumusunod na sawikaing may salungguhit sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

_____ 1. Dapat mo nang <u>ibaon sa hukay</u> ang mga hindi magagandang karanasan.

_____ 2. Masaya si Ana sa mga nakatanggap ng parangal at masasabing nagbunga ang <u>pagsusunog niya ng kilay</u>.

_____ 3. <u>Butas na ang bulsa</u> niya kaya't kailangan niyang magtipid at magbawas ng gastusin.

_____ 4. <u>Mahapdi na ang kaniyang bituka</u> kaya't nagmadali na siyang umuwi upang makakain nang marami.

_____ 5. Masaya siyang makasamang gumala ang kaniyang mga <u>kabungguang balikat</u> mula pa noong bata siya.

_____ 6. Binigyan ni Josh ng bulaklak si Jane dahil <u>naniningalang pugad</u> siya sa dalaga.

_____ 7. Kanina pa tawag nang tawag ang kaniyang ina ngunit <u>nagtataingang kawali</u> na naman si Kim.

_____ 8. Nagpalit siya ng damit dahil <u>parang suman</u> siya sa nauna niyang isinuot.

_____ 9. Nahihiyang sumayaw si Jade dahil <u>parehong kaliwa ang kaniyang paa.</u>

_____ 10. Malakas ang loob niyang maghamon ngunit <u>bahag naman pala ang kaniyang buntot.</u>

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong.	F6PB-Ib-5.4 F6RC-IIe-5.2

Paggalugad

Bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao ang pagsunod sa iba't ibang padron o *pattern* upang maisagawa nang wasto o ayos ang mga pangkaraniwang gawain tulad ng paglalaba, pamamalantsa, paghuhugas ng pinggan, at iba pa. Ang pagsusunod-sunod ng mga dapat gawin upang maisakatuparan ang isang gawain ay higit na nakapagpapadali at nakapagpapabilis sa paggawa. Subukan mo ang gawaing ito na tataya sa kaalaman at kakayahan mo sa pagsusunod-sunod.

A. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang patlang upang mapagsunod-sunod ang pagsasagawa ng wastong paghuhugas ng pinagkainan.

_____ Isunod ang pagsasabon ng mga plato o pinggan at iba pang kagamitan tulad ng mga mangkok.

_____ Banlawang mabuti ang mga sinabunang kagamitan.

_____ Sunod na sabunin ang mga kutsara at tinidor.

_____ Simulang sabunin ang mga baso at tasa.

_____ Mismisan o panimulang banlawan ang mga baso, kutsara at pinggan upang matanggal ang mga nakadikit na pagkain o sarsa ng pagkain.

B. Sagutin ang sumusunod na tanong na kaugnay ng naunang gawain.

1. Madali mo bang napagsunod-sunod ang hakbang sa paghuhugas ng pinagkainan?

_____

2. Ano-ano ang isinaaalang-alang mo sa pagsusunod-sunod ng mga ito?

_____

3. Sa iyong palagay, paano pa kaya higit na mapadadali ang pagsusunod-sunod ng mga hakbang o maging ng mga pangyayari sa isang kuwento?

_____

4. Sa iyong palagay, bakit mahalagang magkakasunod ang mga hakbang o mga pangyayari sa isang kuwento?

_____

Pagpapaliwanag

Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

Tulad ng iba't ibang gawaing ng mga tao, ang mga kuwento gaya ng mga alamat, pabula, at maikling kuwento ay mayroon ding maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. **Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari** ay nakatutulong sa pagiging maayos at organisado ng kuwento upang madali at mabilis itong maunawaan ng mga mambabasa maging ng mga tagapakinig.

Ginagamit din naman ng mga mambabasa at tagapakinig ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang mabilis na maalala o matandaan ang mga importanteng detalye o impormasyon na isinasaad ng mga pangyayari na bumubuo sa isang kuwento.

Mayroong iba't ibang paraan upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- **Pamatnubay ng mga Tanong**
  - Ang pamatnubay na tanong ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong na nangangailangan ng sagot na may kaugnayan sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
  - Kadalasang laman ng mga tanong na ito ang mga salitang ginagamit sa pagtatanong na "ano, sino, saan, kailan, bakit, at paano."
- **Nakalarawang Balangkas**
  - Ang balangkas ay ang wastong paghahanay ng mga salita/paksa, pangungusap o talata na kadalasang ginagamit na gabay sa pagsulat.
  - Ang nakalarawang balangkas ay ang paggamit ng mga larawan na nakaayos batay sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Nangangahulugan itong kinakatawan ng mga larawan ang mga pangyayari sa kuwento na nakatutulong upang madali itong maunawaan.

Pagmasdan ang mga larawan ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

Pagpapalawak

Iguhit sa patlang ang ☐ kung wasto ang isinasaad ng pahayag at ☐ naman kung hindi.

_____ 1. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ay nakatutulong sa pagiging maayos at organisado ng kuwento.

_____ 2. Ang balangkas at nakalarawang balangkas ay magkapareho lamang.

_____ 3. Gumagamit ng mga tanong ang paraang pamatnubay na tanong upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari.

_____ 4. Ang paggamit ng mga larawan sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari ay nakadaragdag ng kalituhan sa mga mambabasa.

_____ 5. Isang pamamaraan sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari ang nakalarawang balangkas.

Pagtataya

A. Maghanap o magsaliksik ng isang maikling kuwentong tungkol sa pagkakaibigan. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayaring isinasalaysay nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pamatnubay na tanong. Punan ang talahanayan sa pagsasagawa ng gawain.

Pamagat ng kuwento:	
Ano/sino ang pangunahing pinag-uusapan sa kuwento?	
Saan at kailan naganap ang mga pangyayari?	
Bakit naganap ang mga pangyayari?	
Paano nalutas ang problema sa kuwento?	

B. Balikan ang nasaliksik na kuwentong ibinahagi sa unang gawain. Pagsunod-sunurin ang mahahalagang pangyayaring isinasaad nito sa pamamagitan ng nakalarawang balangkas. Iguhit sa mga kahon ang mga larawang kumakatawan sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.



Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang/napakinggang talata.	F6PB-lg-8

Paggalugad

A. Ang bawat taong lumilipas ay nag-iiwan sa mga tao ng iba't ibang alaala at karanasan. Ilan sa mga karanasang ito ang tumatak sa kanilang buhay at naging bahagi ng kanilang pamumuhay.

Bilang isang kabataan, balikan ang iyong mga karanasang hindi malilimutan na naganap noong nagdaang taon. Pumili ng isang karanasang nais na isalaysay. Ibahagi at isulat ito sa paraang patalata na binubuo ng hindi bababa sa limang pangungusap. Bigyan mo ng angkop na pamagat ang isinulat na karanasan.

_____

B. Sagutin ang mga gabay na tanong na kaugnay ng ibinahaging karanasan.

1. Tungkol saan ang karanasang iyong ibinahagi?

2. Bakit ito ang karanasang napili mong ibahagi?

3. Madali mo bang nabigyan ng pamagat ang isinulat mong talata? Ipaliwanag.

4. Ano ang mga isinaalang-alang mo sa pagbibigay ng pamagat sa ibinahaging karanasan?

Pagpapaliwanag

Natatandaan mo pa ba kung ano ang talata? Ano nga ba ang dapat na isaalang-alang upang mabigyan ng angkop na pamagat ang isang talata? Alamin at palawakin natin ang ating kaalaman tungkol dito.

Pagbibigay ng Angkop na Pamagat sa Talata

Ang **talata** ay binubuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng ideya o kaisipang tungkol sa isang paksa. Ang mga pangungusap na nilalaman ng isang talata ay magkakaugnay at sama-samang nagbibigay ng impormasyon at kaalaman tungkol sa paksang tinatalakay ng talata. Itinuturing namang pangunahing diwa o paksang diwa ang kabuuang ideya na nais na iparating ng talata sa mga mambabasa. Ang mga impormasyong ito ang nagbibigay ng ideya sa pagpili ng angkop na pamagat.

Sa pagbibigay ng pamagat, mahalagang maging tiyak muna ang manunulat sa nais niyang iparating sa mga mambabasa nang sa gayon ay malinaw din kung ano ang pagmumulang ideya ng ibibigay niyang pamagat. Sa bahagi naman ng mambabasa na maaatasang magbigay ng pamagat sa nakasulat na talata, kinakailangang maunawaan munang mabuti ang nais na iparating ng akda bago ang aktuwal na pagbibigay ng pamagat. Ito ay dahil kadalasang kinakailangang nakapaloob sa pamagat ang pahiwatig o ang mismong pangunahing ideya na nais na iparating ng isang talata o akda.

Nangangahulugan itong ang ganap na pag-unawa sa paksang diwa ng isang talata o ng isang akda ang lubos na makatutulong sa pagbibigay ng angkop na pamagat kaya dapat itong isaalang-alang. Dapat ding tandaan na sa pagsulat ng pamagat, ginagamit lamang ang malaking titik sa unang salita at mahahalagang salita na kabilang sa pamagat.

Pagpapalawak

Isulat sa patlang ang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **Mali** naman kung hindi.

_____ 1. Ang pamagat ay maaaring magsaad ng pangunahing ideya na nais iparating ng isang talata.

_____ 2. Mahalaga ang pagtuklas sa paksang diwa sa pagbibigay ng angkop na pamagat.

_____ 3. Ang lahat ng titik sa pamagat ay kinakailangang malaking titik.

_____ 4. Hindi na kinakailangang lubos na maunawaan ng mambabasa ang nais na iparating ng talata sa pagbibigay ng pamagat.

_____ 5. Ang mga pangungusap sa isang talata ay hindi na kinakailangang magkakaugnay.

Pagtataya

Basahin at unawaing mabuti ang talata sa bawat bilang. Bigyan ng angkop na pamagat ang talata. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Ang aming tahanan ay maliit at simple lamang. Gawa lamang ito sa mga materyales na nanggaling sa kalikasan tulad ng kawayang ginamit bilang sahig at dingding at nipa bilang bubong. Bagaman maliit, sinisigurado ng bawat miyembro ng pamilya na ito ay laging malinis at maaliwalas kung tingnan. Tinitiyak din ng aming pamilya na simple man ang aming tahanan, ito naman ay puno ng pagmamahalan.

   Pamagat: _____

2. Sila ay itinuturing at tumatayong mga pangalawang magulang ng mga mag-aaral sa paaralan. Sila ang matiyagang nagtuturo at nagbabahagi ng kaalaman at karanasan sa mga mag-aaral na magagamit ng mga ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang mga huwarang guro din ang naghuhulma ng iba't ibang propesyong mayroon tayo. Kaya bilang sukli sa kanilang pagsasakripisyo, tanging hiling lang naman nila ay pagmamahal, pag-alala, at paggalang.

   Pamagat: _____

3. Isa sa mga kinatatakutang sakit ang *COVID-19*. Nagsimula ito noong Disyembre 2019 sa isang bayan sa Tsina. Unti-unti itong kumalat at nakahawa sa iba't ibang panig ng mundo. Buhat ng makarating ito sa bansa, maraming Pilipino ang naapektuhan sa negatibong pamamaraan. Marami ang nawalan ng trabaho, negosyo at iba pang pagkakakitaan. Tumigil ang pag-aaral ng mga kabataan, tumigil ang transportasyon at iba pang sistemang kinasanayan ng mga tao. Gayundin, maraming buhay din ang naibuwis at binawi. Tila nga nagbagong-bihis ang mundo dahil sa sakit na ito at tiyak na panghabambuhay itong tatatak sa kasaysayan ng mundo.

   Pamagat: _____

4. Kulay puti ang alaga kong pusa. Kitty ang kaniyang pangalan. Kasama ko siya araw-araw at katabi rin sa gabi sa aking pagtulog. Dalawang beses ko siyang pinakakain sa loob ng isang araw - sa umaga at sa hapon. Kalaro ko rin siya sa

mga oras na naglilibang at nagpapalipas ako ng oras. Hindi mahirap alagaan si Kitty dahil hindi siya gumagawa ng mga bagay na hindi ko ikinatutuwa. Kaya lagi kong pinanatiling malinis ang kaniyang lugar at sinisigurado kong busog siya ng pagkain at pagmamahal.

Pamagat: _____

5. Sila ang lagi kong kasa-kasama sa paaralan. Sila ang lagi kong kasama sa katatawanan sa panahon ng kasiyahan at karamay naman sa mga panahon ng pangangailangan at kagipitan. Sila ang mga totoo at tapat na kaibigang lagi kong maasahan at hinding-hindi ako iiwan. Talaga ngang masarap sa pakiramdam ang magkaroon ng mga kaibigang tulad nila.

Pamagat: _____

Ikalawang Markahan

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay ng wakas ng napakinggang teksto.	

Paggalugad

Bata pa lamang tayo ay mayroon na tayong mga pangarap na gusto nating matupad at makamit sa susunod na mga panahon. Kadalasang ito rin ang nagiging dahilan at inspirasyon natin upang magsikap tayo at mag-aral na mabuti. Ngayon ay tunghayan natin ang kuwento ng pangarap ng batang si Cardo.

Ipabasa ang kuwento nang may tamang lakas at bigkas. Maaaring ipabasa ito sa sinomang nakatatandang kasama sa bahay. Pakinggan at unawaing mabuti ang kuwento at sagutin ang mga gabay na tanong na kaugnay nito.

Ang Pangarap ni Cardo

Mula pagkabata ay pangarap na ni Cardo ang maging isang pulis. Nais niyang makatulong sa pagpapanatili ng kaligtasan sa kanilang pamayanan. Gusto rin niyang mahuli ang mga taong lumalabag sa batas. Kaya lagi niyang bukambibig sa kahit na sinomang magtanong sa kaniya na balang-araw ay magiging pulis siya.

Nang magsimulang mag-aral si Cardo ay nagsikap siyang mabuti. Nagpamalas siya ng natatanging talino at kasipagan sa pag-aaral. Lumaki rin siyang may takot sa Maykapal, matatag, at matapang. Lahat ng pagpupursige ay kaniyang ginawa upang makamit ang kaniyang pangarap.

Nang magkokolehiyo na si Cardo ay nagkasakit ang kaniyang ina. Dahil dito, kailangang huminto ni Cardo sa pag-aaral upang tulungan ang kaniyang ama sa pagtatrabaho upang maibigay ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Patuloy pa ring nagsumikap at nagpakasipag si Cardo sa kaniyang trabaho kaya't lagi siyang napupuri ng kaniyang pinagtatrabahuhan. Natulungan niya ang kaniyang ama at unti-unti nang gumaling at naging malakas ang kaniyang ina.

Naging malungkot man si Cardo sa nangyari inisip na lamang niya na darating din ang panahon na makapagpapatuloy siyang sa pag-aaral at unti-unti niya ring makakamit ang kaniyang mga pangarap.

Mga Gabay na Tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

2. Ano ang pangarap ng pangunahing tauhan?

3. Bakit ninais ng pangunahing tauhan na maging isang pulis?

4. Bakit huminto sa pag-aaral ang pangunahing tauhan?

5. Sang-ayon ka ba sa ginawang paghinto sa pag-aaral ng pangunahing tauhan? Bakit?

6. Naging maganda at sapat ba ang wakas ng kuwento para sa iyo? Bakit?

7. Kung bibigyan ng pagkakataon na palitan o bigyan ng bagong wakas ang kuwento, anong wakas ng kuwento ang nais mo? (Isulat ang sagot sa anyong patalata na may tatlo hanggang limang pangungusap.)

Pagpapaliwanag

Madali mo bang nabigyan ng bagong wakas ang kuwento? Ano ang iyong mga isinaalang-alang upang mabigyan ng bagong wakas ang kuwento? Paano nga ba nagiging epektibo ang wakas ng isang kuwento? Alamin natin ito.

Ang Wakas

Ang **wakas** ay tumutukoy sa huling bahagi ng isang kuwento, akda o teksto. Ito ang nagsasaad ng kinahantungan ng mga pangyayari sa isang kuwento. Maaari itong maglaman ng mga solusyon sa naging suliranin ng kuwento o magpahayag ng mga huling bilin o mensahe na nais na iparating ng isang manunulat o tagapagsalita sa kaniyang mga mambabasa o tagapakinig. Masasabing nagiging epektibo ang wakas ng kuwento kung ito ay nakapag-iiwan sa mga mambabasa o tagapakinig ng natatanging aral, mensahe, at kakintalan na maaaring makatulong sa pang-araw-araw nilang buhay.

Sa pagbibigay naman ng wakas ng kuwento, kailangan ang malikhain at mapanuring pag-iisip at malawak na imahinasyon ng isang manunulat o tagapagsalita. Gayundin, higit na makatutulong ang mga dating kaalaman at karanasan ng manunulat o tagapagsalita upang higit na mapagbuti ang magiging wakas ng kuwento. Bukod dito, makatutulong din ang ilang mga salik na dapat tandaan sa pagbibigay ng epektibong wakas. Ilan sa mga salik na dapat tandaan ay ang sumusunod:

- Basahin o pakinggan at unawaing mabuti ang mahahalagang bahagi ng kuwento. Mahalagang may wastong kaugnayan ang wakas sa iba pang mga bahagi.
- Tandaan ang mahahalagang impormasyon mula sa binasa o napakinggan.
- Suriin at tukuyin ang mensahe na nais na iparating ng kuwento sa mga mambabasa o tagapakinig.
- Isiping mabuti kung anong mga pangyayari ang nais mong ilagay sa wakas ng kuwento. Gamitin ang malikhaing pag-iisip maging ang mga dating kaalaman at karanasan sa pagsulat ng wakas.
- Isulat ang wakas sa maayos at organisadong pamamaraan.

Pagpapalawak

Lagyan ng **tsek (✓)** ang patlang kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **ekis (X)** naman kung hindi.

_____ 1. Ang wakas ang itinuturing na huling bahagi ng kuwento.

_____ 2. Maaaring gamitin ang dating kaalaman at karanasan sa pagsulat ng wakas ng kuwento.

_____ 3. Hindi makikita sa wakas ang mensahe o nais na iparating ng kuwento.

_____ 4. Hindi gaanong mahalaga ang pagkakaroon ng ugnayan ng wakas sa iba pang bahagi ng kuwento.

_____ 5. Kailangan ang malawak na imahinasyon at malikhaing pag-iisip sa pagsulat ng wakas.

Pagtataya

Ipabasa ang teksto nang may tamang lakas at bigkas. Pakinggan at unawaing mabuti ang teksto. Bigyan ng angkop na wakas ang mga pangyayari nang mayroong pagsasaalang-alang sa mga dapat na tandaan sa pagbibigay ng wakas. Isulat ang wakas sa anyo ng talata na mayroong lima o higit pang pangungusap.

Si Jake ay isang matalinong mag-aaral. Noong nasa elementarya pa ay lagi siyang nakikinig nang mabuti sa kaniyang mga guro at ang lahat ng mga gawaing pampaaralang ipinagagawa sa kanila ay naipapasa niya sa tamang oras. Aktibo rin siyang nakikiisa sa kanilang mga talakayan sa klase at mataas din ang marka niyang nakukuha sa mga pagsusulit. Masayang-masaya ang kaniyang mga magulang dahil sa ipinamamalas niyang kahusayan.

Nang tumuntong sa hayskul, malaki ang naging pagbabago ni Jake. Nawili siya sa paglalaro ng mga laro sa kaniyang *cellphone*. Kahit sa oras ng klase ay

palihim siyang naglalaro kaya't hindi niya na naiintindihan ang kaniyang mga aralin. Hindi na rin niya naipapasa ang kaniyang mga takdang-aralin at proyekto. Madalas na ring mababa ang nakukuha niyang marka sa kanilang mga pagsusulit.

Wakas ng Kuwento:

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nababago ang dating kaalaman batay sa natuklasan sa teksto.	

Paggalugad

Mula sa mga nagdaang aralin sa klase, siguradong maraming kaalaman ang iyong natuklasan at natutuhan. Gayundin, mayroong mga dating kaalamang iyong alam na tila nagkaroon ng pagbabago dahil sa mga bagong impormasyong ibinabahagi ng iba't ibang akdang iyong nababasa. Ngayon ay ibahagi mo ang iyong kaalaman at tingnan ang maaaring mabago patungkol dito buhat sa mga impormasyong ilalahad ng teksto.

A. Basahin at unawaing mabuti ang isang teksto tungkol sa introduksiyon o panimula ng isang kuwento, Matapos ito, kumpletuhin ang talahanayan batay sa hinihingi nitong kaalaman.

Ang **introduksiyon** ng isang kuwento ay ang simula ng kuwento na nagsisilbing pagpapakilala sa ilang mahalagang impormasyon sa kuwento. Kadalasang nakasaad sa introduksiyon ang mga pangunahing tauhan o mga karakter na gaganap sa kuwento. Kabilang din dito ang tagpuan na nagsasaad ng lugar at panahon kung saan at kailan naganap ang mga pangyayari sa kuwento.

Ang introduksiyon din ay bahagi ng kuwento na kinakailangang maglaman at magpahayag ng malikhain at kawili-wiling mga pangyayari. Ito ang nagsisilbing panghihikayat sa mga mambabasa na ipagpatuloy at tapusin ang pagbabasa ng kuwento. Sinasabi ring kailangang sa introduksiyon pa lamang ay mapukaw na ang interes ng mga mambabasa. Kaya itinuturing na mahalagang bahagi ng kuwento ang introduksiyon.

Introduksiyon ng isang Kuwento		
Ang alam ko na tungkol sa introduksiyon ng isang kuwento ay….	Ang natuklasan ko tungkol sa introduksiyon ng isang kuwento ay….	Nabago ang kalaaman ko tungkol sa introduksiyon buhat sa natuklasan sa nabasa. Ang pagbabagong ito ay ang…

B. Sagutin ang mga gabay na tanong na kaugnay ng gawain:

1. Madali mo bang naibahagi ang mga natuklasan mong kaalaman? Ipaliwanag.
2. Natukoy mo ba agad kung anong nagbago sa iyong kaalaman buhat sa nabasang teksto? Ipaliwanag.
3. Sa iyong palagay, bakit mahalagang matukoy ang pagbabago sa dating kaalaman mula sa pagbabasa ng teksto?

Pagpapaliwanag

Sa pagbabasa ng iba't ibang akda, maraming maaaring matuklasang impormasyon at kaalaman ang mga mambabasa. Ang mga bagong tuklas na impormasyong ito ay maaaring makapagpabago sa dating kaalaman. Nangangahulugan itong bago pa man magbasa ang isang indibidwal, nagtataglay na siya ng iba't ibang kaalaman tungkol sa iba't ibang bagay, nagkakaroon lamang ng pagbabago dahil ito ay nadadagdagan o di kaya naman ay napapalitan dahil maaaring hindi angkop ang dating kaalaman.

Mahalaga ang pagtukoy na ito sa pagbabago ng kaalaman mula sa pagbabasa upang matukoy at malaman din ng isang indibidwal kung paano magagamit sa pag-unlad ang bagong kaalaman.

Balikan natin ang binasang teksto tungkol sa introduksiyon ng isang kuwento. Tingnan kung paano maaaring magbago ang kaalaman buhat sa pagbabasa.

Halimbawa:

Introduksiyon ng isang Kuwento		
Ang alam ko na tungkol sa introduksiyon ng isang kuwento ay ang impormasyong ito ay itinuturing na panimula ng isang kuwento.	Ang natuklasan ko tungkol sa introduksiyon ng isang kuwento ay ang mga nilalaman nitong impormasyon tulad ng tauhan at tagpuan. Natuklasan ko ring kailangan itong maging kawili-wili upang mapukaw ang atensiyon ng mga mambabasa.	Nabago ang kalaaman ko tungkol sa introduksiyon buhat sa natuklasan sa nabasa. Ang pagbabagong ito ay ang kaalamang ang introduksiyon pala ay hindi lamang simpleng bahagi ng isang kuwento dahil mahalaga ang ginagampanan nito sa kabuuan ng isang kuwento.

Mapapansin sa halimbawa na mayroong dating kaalaman tungkol sa introduksiyon ng kuwento, nadagdagan ito ng iba pang kaalaman mula sa nabasang teksto kaya't nagkaroon ng pagbabago.

Pagpapalawak

Lagyan ng **tsek (✔)** ang patlang kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **ekis (X)** naman kung hindi.

_____ 1. Maaaring makatuklas ng iba't ibang impormasyon at kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa.

_____ 2. Ang mga bagong impormasyon ay maaaring makapagpabago sa dating mga kaalaman.

_____ 3. Bago magbasa ang mga mambabasa, wala pa silang bitbit na dating kaalaman.

_____ 4. Sa pagbabago ng kaalaman, hindi maaaring mapalitan ang dating kaalaman.

_____ 5. Ang pagbabago ng kaalaman mula sa pagbabasa ay makatutulong sa pagtukoy ng isang indibidwal kung paano magagamit ang bagong kaalaman.

Pagtataya

Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Matapos ito, ibigay ang hinihinging impormasyon kaugnay ng binasa.

Isang matalinong mag-aaral si Jacob. Lagi siyang nakikinig nang mabuti sa kaniyang mga guro tuwing may klase. Ang lahat din ng mga gawaing pampaaralang ipinagagawa sa kanila ay naipapasa niya sa tamang oras. Aktibo rin siyang nakikiisa sa kanilang mga talakayan sa klase at mataas din ang marka na nakukuha sa mga pagsusulit. Masayang-masaya ang kaniyang mga magulang dahil sa ipinamamalas niyang kahusayan.

Isang araw, sinorpresa ng kaniyang mga magulang si Jacob. Binigyan siya ng kaniyang mga magulang ng bagong *cellphone* na magagamit niya upang higit na mapabuti ang kaniyang pag-aaral. Tuwang-tuwa si Jacob dahil matagal na niyang gustong magkaroon ng ganoong *cellphone*.

Nilagyan ni Jacob ng iba't ibang mga laro ang kaniyang *cellphone*. Pagkagising pa lamang sa umaga ay hawak na niya ito. Minsan kahit na kumakain at nasa hapag ay hawak pa rin niya ito. Sa gabi naman, huli na siya kung matulog upang makapaglaro lamang. Madalas na rin siyang nahuhuli sa paggising sa umaga dahil sa puyat sa kalalaro kaya't nahuhuli rin siya sa pagpasok sa paaralan. Hindi na rin nagagawa ni Jacob sa tamang oras ang kaniyang mga gawain sa paaralan. Napansin ng mga magulang ni Jacob ang unti-unti niyang pagbabago.

Isang araw, kinausap si Jacob ng kaniyang ina. Pinagsabihan nito si Jacob tungkol sa naging pagbabago nito simula nang mabigyan siya ng *cellphone*. Naapektuhan na rin kasi ang *performance* ni Jacob sa paaralan na lalo nilang ikinabahala. Kaya upang masolusyunan ang problema, pansamantala munang kinuha ng ina ni Jacob ang *cellphone* at ibibigay lamang ito kapag araw ng Sabado at Linggo.

Sumama ang loob ni Jacob sa nangyari. Umiyak siya nang umiyak sa kaniyang silid. Ngunit kalaunan, napagtanto ni Jacob na mali ang kaniyang ginawa at tama ang kaniyang mga magulang. Hindi dahil nabigyan siya ng kaniyang gusto ay aabusuhin niya na ito at hindi na pahahalagahan ang kaniyang pag-aaral. Simula noon, nagbagong muli si Jacob. Muli nang nagbalik ang Jacob na kilala ng kaniyang magulang. Si Jacob na matalino, masipag, at responsable.

Buuin ang pangungusap upang mabuo ang diwa nito.

1. Ang alam ko na tungkol sa nabasa ay…

2. Matapos mabasa ang kuwento, natuklasan ko na…

3. Mula sa natuklasan sa binasang kuwento, nagbago ang aking kaalaman. Ang pagbabagong ito ay…

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nailalarawan ang tauhan batay sa damdamin nito at tagpuan sa binasang kuwento.	F6RC-IIa-4

Paggalugad

Ang bawat tao ay natatangi dahil sa taglay niyang mga katangian. Maaaring may ilang pagkakatulad ngunit mayroon pa ring lilitaw na pagkakaiba ang mga ito. Ang mga katangiang ito ay kadalasang binibigyang-buhay ng pagbibigay ng mga paglalarawan o salitang naglalarawan. Ngayon ay balikan mo ang iyong kaalaman tungkol sa mga salitang naglalarawan sa mga pangngalan o panghalip.

Piliin sa kahon ang angkop na pang-uri na bubuo sa pangungusap. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.

A. Marami	B. Malaki	C. Magarbo	D. Makipot	E. Mahaba

_____ 1. _____ na ang kaniyang buhok kaya't nais na niyang paputulan ito.

_____ 2. _____ ang bahay nila Jose kaya't marami ang namamangha rito.

_____ 3. Nagkaroon na naman ng aksidente dahil sa _____ na kalsada.

_____ 4. _____ ang naging pagdiriwang ng kaarawan ni Caloy.

_____ 5. _____ ang iimbitado sa kaarawan ni Carol.

Pagpapaliwanag

Madali mo bang nasagutan ang gawain? Sa iyong palagay, bukod sa mga tao, saan pa madalas na nagagamit ang mga salitang naglalarawan? Paano kaya nakatutulong ang paglalarawan sa pag-unawa ng isang kuwento? Alamin natin ito.

Ang bawat kuwento ay binubuo ng iba't ibang elemento na nakatutulong sa kaayusan, pagiging organisado at masining ng isang akda. Ilan sa mga elemento ng kuwento ay ang **tauhan at tagpuan** na kapuwa mahalaga ang ginagampanan upang maunawaan ng mga mambabasa ang nais na iparating ng isang akda.

Ang Tauhan

- Ang tauhan ay tumutukoy sa mga karakter na maaaring tao o hayop na gumaganap o kumikilos at nagbibigay-buhay sa mga pangyayari sa kuwento.
- Sa paglalarawan ng tauhan, maaaring tingnan at suriin ng mambabasa ang pananalita, kilos o galaw, at damdamin ng tauhan. Kaya kailangang unawaing mabuti ng mambabasa ang mga binibitawang salita, kilos o galaw, at damdaming ipinapahayag ng tauhan sa mga pangyayari sa kuwento.
- Makatutulong ang paglalarawan sa tauhan sa pagkilala sa mga gumaganap sa kuwento na makatutulong din sa lubos na pagkaunawa sa ipinararating nito.

Halimbawa:

  - "Masaya si Jane na natulungan ang nakaaawang matanda sa kalsada." Kung susuriin ang pangungusap, mailalarawan si Jane bilang isang mabuting bata dahil sa ipinakita niyang kasiyahan sa pagtulong sa ibang tao.
  - "Takot na takot si Jake sa mga kuwento ng kaniyang lolo tungkol sa mga kababalaghan." Kung susuriin ang pangungusap, mailalarawan si Jake bilang isang matatakuting bata dahil sa ipinakita niyang pagkatakot sa mga kuwento.

Ang Tagpuan

- Ang tagpuan ay tumutukoy sa lugar at panahon kung saan at kailan naganap ang mga pangyayari sa isang kuwento. Mahalaga ang pagtukoy sa tagpuan dahil makatutulong ito sa higit na pagkaunawa ng mga mambabasa sa nais na iparating ng kuwento.
- Sa paglalarawan ng tagpuan, maaaring suriin ang mahahalagang mga pangyayari at detalye sa kuwento.

Halimbawa:

- "Malawak ang tahanan nila Michael kaya't sa kanila madalas na magtipon-tipon." Sa pangungusap, inilarawan ang tahanan nila Michael bilang malawak.
- "Ang mga gubat sa kanilang lugar ay kinatatakutan dahil masyado na itong masukal at madamo." Sa pangungusap, inilarawan ang gubat bilang masukal, madamo, at nakatatakot.

Pagpapalawak

Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyong ipinahahayag sa bawat bilang. Salungguhitan ang ginamit na paglalarawan sa tauhan at tagpuan.

1. Ginagawa lagi ni May ang mga gawaing iniuutos sa kaniya ng kaniyang mga magulang. Sinisikap din niyang sundin ang lahat ng payo ng mga ito sa kaniya. Isang masunurin at responsableng bata si May.
2. Payapa sa lugar na iyon kaya't doon madalas na pumupunta ang kanilang pamilya kung nais nilang makapagpahinga.
3. Maagang gumigising si Faye upang maaga rin niyang matapos ang mga gawaing bahay na iniatas sa kaniya. Masasabing isang masipag na bata si Faye.
4. Pinagalitan ni Aling Maria ang kaniyang mga anak dahil marumi na naman ang kanilang bahay.
5. Marami ang humahanga kay Clarisse dahil sa angkin niyang kagandahan at kabutihan.

Pagtataya

Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Suriin at ilarawan ang tauhan at tagpuan sa kuwento. Gamitin ang talahanayan sa pagsasagawa ng gawain.

Si Kaye at ang kaniyang Panaginip

Maaaga kung matulog si Kaye. Sinanay siya ng kaniyang mga magulang sa maaagang pagtulog upang makapagpahingang mabuti at magkaroon ng sapat na lakas para sa susunod na araw.

Isang araw, hindi agad natapos ni Kaye ang kaniyang takdang-aralin dahil nawili siya sa panonood ng paborito niyang palabas sa telebisyon. Dahil dito, kinailangan niyang magdagdag ng oras sa paggawa upang tapusin ang takdang-aralin.

Hatinggabi na nang makatapos at mahiga si Kaye. Ito ang unang pagkakataong inabot siya ng ganoong oras na hindi pa natutulog. Unti-unti na niyang naramdaman ang antok hanggang sa tuluyan nang pumikit ang kaniyang mga mata.

Pagmulat ni Kaye, nanlaki ang kaniyang mga mata at tila nanginig ang kaniyang katawan. Hindi maintindihan ni Kaye kung saang lugar siya napadpad. Madilim at tahimik ang lugar na iyon. Maraming matatayog na puno at mga baging na nakapulupot sa mga ito. Tila walang katao-tao at tanging mga huni ng ibon at tunog ng iba't ibang hayop ang kaniyang naririnig.

Naglakad si Kaye sa pagpupumilit na makalabas sa lugar na kaniyang kinalalagyan. Tumakbo siya nang tumakbo ngunit tila pabalik-pabalik lamang siya kung saan siya nagmula. Paulit-ulit lamang itong nangyari kaya't nakaramdam na siya ng labis na pagkapagod ast pagkatakot kaya't umiyak na lamang siya nang umiyak. Nagdasal siya na sana ay makabalik na siya sa kanilang bahay.

Maya-maya pa'y nagulat na lamang si Kaye dahil sa tawag ng kaniyang ina na ginigising siya upang makapaghanda na sa pagpasok sa eskuwela. Panaginip lang pala ang lahat. Isang masama at nakatatakot na panaginip.

Simula noon, iniwasan na ni Kaye ang pagpupuyat dahil sa pagiging iresponsable niya sa paggamit ng kaniyang oras. Ngayon ay higit na siyang naging disiplinado at higit na niyang pinahalagahan ang kaniyang oras.

Paglalarawan sa Tauhang si Kaye	**Paglalarawan sa Tagpuan (Ang Gubat sa Panaginip)**

Ikaapat na Markahan

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Napaghahambing-hambing ang iba't ibang uri ng pelikula.	F6PD-IVe-i-21

Paggalugad

Isa sa mga kinahihiligang libangan ng mga tao ang panonood ng pelikula sa mga sinehan o maging sa telebisyon. Nakapagdadala kasi ang mga ganitong palabas ng iba't ibang emosyon, ideya, at kaisipan sa mga manonood. Dahil na rin sa umuunlad na teknolohiya, parami na nang parami ang mga nauusong pelikula. Kaya sa gawaing ito, balikan at ibahagi mo ang iyong paboritong pelikula.

Ibahagi ang paborito mong pelikulang Pilipino. Ibigay ang hinihinging impormasyon sa talahanayan.

Pamagat ng Pelikula	
Mga Pangunahing Tauhan sa Pelikula	
(Mga) Tagpuan sa Pelikula	
Buod ng Pelikula	

Pagpapaliwanag

Madali mo bang naibahagi ang paborito mong pelikula? Sa iyong palagay, sa anong uri kaya ng pelikula nabibilang ang iyong paboritong pelikula? Ano kaya ang pagkakatulad at pagkakaiba ng iba't ibang uri ng pelikuka? Alamin at tuklasin natin ito.

Ang Pelikula

Ang pelikula na kilala rin bilang sine at pinilaking tabing ay isang sining pampanitikang nakadisenyo upang panoorin ng mga tao. Ito ay gumagamit ng mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining. Madalas itong ginagawang libangan at negosyo ng mga tao. Gayundin, naghahatid ito ng iba't ibang kaalaman at kamalayan na maaaring kapulutan ng aral ng mga manonood. Kadalasan ding nakaaapekto ito sa iba't ibang damdamin ng mga manonood.

Iba't ibang Uri ng Pelikula

1. **Drama -** Ang pelikulang ito ay nakapokus sa mga personal na problema at tunggalian ng mga tauhan na kadalasang nag-uudyok sa malungkot na damdaming nakapagpapaiyak ng mga manonood.
2. **Komedya -** Ang pelikulang ito ay nagpapakita ng mga nakatatawang pangyayari sa pangunguna ng mga tauhan. Kadalasang tinatalakay nito ang magagaan at simpleng mga pangyayari na nakapagpapangiti at nakapagpapatawa sa mga manonood.
3. **Aksiyon -** Nakapokus ang pelikulang ito sa mga pisikal na labanan kung saan nagpapamalas ang mga tauhan ng natatanging lakas at tibay ng pangangatawan. Maaari itong hango sa tunay na buhay o kaya naman ay likhang-isip lamang.
4. **Pantasya -** Dinadala ng pelikulang ito ang mga manonood sa mundong likha lamang ng imahinasyon at malikhaing pag-iisip. Nangangahulugang hindi makatotohanan ang mga pangyayari, tauhan, at tagpuang isinasaad nito. Halimbawa nito ang mga pelikulang may mga tauhang nagtataglay ng mga kapangyarihan o kaya naman naiibang nilalang na mula sa iba pang panig ng daigdig.
5. **Musikal -** Ang pelikulang ito ay itinuturing na isang komedyang may temang tungkol sa pag-ibig na puno ng pag-awit at pagsayaw ng mga tauhan.
6. **Katatakutan -** Ang pelikulang ito ay nag-uudyok ng damdaming pagkatakot sa mga manonood. Layon nitong patayuin ang balahibo ng mga manonood sa pamamagitan ng mga nakakikilabot na mga pangyayari. Kadalasang tungkol ito sa mga di-maturang nilalang na kinatatakutan ng mga tao.
7. **Historikal -** Ang mga pelikulang ito ay nagpapahayag ng mga pangyayaring tunay na nangyari sa kasaysayan.

Pagpapalawak

Tukuyin kung anong uri ng pelikula ang isinasaad sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

_____ 1. Ito ay naglalayong patayuin ang balahibo ng mga manonood.

_____ 2. Ang mga tauhan, tagpuan, at pangyayaring isinasaad nito ay likhang-isip lamang.

_____ 3. Ito ay puno ng sayawan at pag-awit ng mga tauhan.

_____ 4. Nakabatay ito sa mga pangyayaring naganap sa kasaysayan.

_____ 5. Nag-uudyok ito ng malungkot na damdamin.

_____ 6. Nagpapakita ito ng mga nakatatawang pangyayari sa pangunguna ng mga tauhan.

_____ 7. Nakapokus ito sa labanang pisikalan.

Pagtataya

Pumili ng dalawang pelikulang Pilipino na nakapukaw sa iyong interes. Suriin ang dalawang pelikulang ito at ilahad ang uring kanilang kinabibilangan gayundin ang ilang pagkakatulad at pagkakaiba nito. Gamitin ang talahanayan sa pagsasagawa ng gawain.

Paghahambing ng Pelikula		
Pamagat ng mga Pelikula	**Pagkakaiba**	**Pagkakatulad**
1.		
2.		

Most Essential Learning Competency (MELC)	*Code*
Nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari/problema-solusyon.	F6PN-IVf-10

Paggalugad

Ang bawat kilos na ginagawa ng mga tao ay may kaakibat na dahilan at resulta. Nangangahulugan itong ginagawa ng isang tao ang isang bagay dulot ng iba't ibang dahilan at sa pagsasagawa nito ay nakatatanggap siya ng iba't ibang resulta. Sa gawaing ito, suriin ang iba't ibang sitwasyong nagpapakita ng mga dahilan at resulta ng mga bagay. Ibahagi ang mga posibleng maging dahilan at resulta ng mga pangyayari.

Punan ng angkop na dahilan at resulta ang talahanayan batay sa mga kaugnay nitong detalye. Gawing gabay ang halimbawa sa talahanayan.

Dahilan	**Resulta**
Halimbawa: • Labis na pagpupuyat	Panghihina ng katawan at Pagkakasakit
1. Labis na paggamit ng mga *gadget*	
	2. Napagalitan ng mga magulang
3. Hindi paggawa ng mga gawaing pampaaralan	
	4. Sumakit ang ulo
5. Pagpapasa ng mga gawaing pampaaralan sa tamang oras	

Pagpapaliwanag

Madali mo bang naibigay ang dahilan o resulta ng mga pangyayari sa talahanayan? Ano ang naging suliranin mo sa pagsasagawa ng gawain? Paano nakatulong sa iyo ang paggamit ng talahanayan sa pagsasagawa ng gawain? Alamin at tuklasin natin ito.

Ang dahilan at resulta ng mga pangyayari ay kilala rin bilang **sanhi at bunga.**

Ang Sanhi

- Ang **sanhi** ay tumutukoy sa dahilan kung bakit nangyari ang isang partikular na pangyayari.
- Kadalasan itong ginagamitan ng mga salitang "dahil, dahil sa, dulot ng, at dala ng".

  Halimbawa:

  1. Dahil sa labis na pag-ulan, bumaha sa maraming bayan.
  2. Dulot ng labis na pagpupuyat ang kaniyang pagkakasakit.

Ang Bunga

- Ang **bunga** ay tumutukoy sa naging resulta o kinalabasan ng isang partikular na pangyayari.
- Ginagamit ang salitang "kaya" upang ipahayag ang bunga ng pangyayari.

  Halimbawa:

  1. Malakas ang ulan kaya bumaha sa maraming bayan.
  2. Labis ang kaniyang pagpupuyat kaya siya nagkasakit.

Kadalasang iniuugnay din sa sanhi at bunga ang ugnayang **problema at solusyon.** Isinasaad ng problema ang isang suliranin o balakid samantalang isinasaad naman ng solusyon ang naging tugon upang malutas ang problema. Mahalaga ang pagtukoy sa ugnayang sanhi at bunga at problema at solusyon sa higit na pagkaunawa sa iba't ibang impormasyon at sitwasyon.

Kaugnay nito, bukod sa paggamit ng mga salita, nakatutulong din ang paggamit ng mga grapikong pantulong tulad ng mga dayagram upang madaling maunawaan ang mga impormasyon. Sa paggamit ng mga dayagram, higit na nagiging simple at madali ang paglalahad o pagsasaad ng mga datos at detalye. Tulad halimbawa ng pagpapakita ng ugnayang sanhi-bunga at problema-solusyon, mas madaling makikita ng isang indibidwal ang pagkakaiba ng mga impormasyon kung gagamit ng isang dayagram.

Pagpapalawak

Lagyan ng **tsek (✓)** ang patlang kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **ekis (X)** naman kung hindi.

_____ 1. Ang sanhi ay tumutukoy sa dahilan ng isang partikular na pangyayari.

_____ 2. Nagpapakita ng resulta o kinalabasan ng isang pangyayari ang problema.

_____ 3. Nakatutulong sa higit na pagkaunawa sa iba't ibang impormasyon at sitwasyon ang pagtukoy sa ugnayang sanhi at bunga at problema at solusyon.

_____ 4. Madalas na hinihiwalay ang ugnayang sanhi at bunga sa ugnayang problema at solusyon.

_____ 5. Nakatutulong sa pagiging komplikado ng mga impormasyon ang paggamit ng mga dayagram.

Pagtataya

A. Ibigay ang maaaring maging **bunga** ng sanhing nakasaad sa loob ng bilog. Gamitin ang dayagram sa pagsasagawa ng gawain.



B. Ibigay ang maaaring maging **solusyon** ng problemang nakasaad sa loob ng bilog. Gamitin ang dayagram sa pagsasagawa ng gawain.